1. Mga gawaing pangkabuhatan sa pamayanan na may kinalaman sa pananahi.					
2. Kabutihang dulot ng pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi.					
3. Plano sa gawaing pananahi.					
4. Telang angkop sa tatahiing kasuotan.					
5. Iba't ibang kagamitan sa pananahi.					
6. Mga salik sa matalinong pamimili.					
7. Panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pananahi.					
8. Pagkuha ng sukat sa katawan.					
9. Hakbang sa paggawa ng padron para sa kasuotang pangtulog.					
10. Paghahanda ng tela at kagamitan.					
11. Wastong paraan ng pagtatapas ng tela.					
12. Wastong hakbang sa pagbuo ng kasuotang pantulog.					

Content/Activities	5 MosA	4 HA	3 ModA	2 SA	1 NA
<b>Grade VI</b>					
13. Pagbuburda at pagagantsilyo bilang palamuti sa proyekto.					
14. Paggawa ng pagbabago sa proyekto kung kailangan.					
15. Pagtutuos ng gastos at kikitain kapag naipagbili ang proyekto.					

### C. Effectiveness of Strategies

#### Legend

5	-	Mostly Effective	(MosE)
4	-	Highly Effective	(HE)
3	-	Moderately Effective	(ModE)
2	-	Slightly Effective	(SE)
1	-	Not Effective	(NE)

Strategies	5 MosE	4 HE	3 ModE	2 SE	1 NE
<b>Grade V &amp; Grade VI</b>					
1. Pamproyektong Pamamaraan (Project Method) ay nakatuon sa makukuhang layunin na inaasahang bunga ng isang maayos na gawain/proyekto na may pagbabalak at isinasagawa ng guro at mga mag-aaral.					
2. Panlaboratoryong Pamamaraan (Laboratory Method) ay itinuturing na ang gawain ay natutuhan sa pamamagitan ng pagsasagawa.					

Strategies	5 MosE	4 HE	3 ModE	2 SE	1 NE
<b>Grade V &amp; Grade VI</b>					
3. Pamamaraang Demonstrasyon (Demonstration Method) ay itinuturing na pagmomodelo sa pamamagitan ng paggamit ng maayos/organisadong paraan.					
4. Pagtuklas (Discovery Method) ay pinapamubayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagtalakay ng organisadong mga ideya at pamamaraan.					
5. Field Trip – ang pagbibisita sa ibang klase/paaralan upang makalikong ng mga pangunahing datos.					
6. Pagsasadulang Pamamaraan (Dramatization method) – ang pagpapakilala sa pamamagitan ng mga kilos ng katawan ng mga tauhan at gawain sa kuwento.					
7. Tanong at Sagot na Pamamaraan (Question and Answer Method) – humihikayat sa pagbubuo ng kritikal na pag-iisip, ang mga bata ay tinatanong at ang sagot ay magiging kasagutan ng ipinakikilalang datos.					
8. Pagsasataong Pamamaraan (Role Playing) – ang pagkakasunod-sunod ng kilos galing sa sitwasyon nang iniaangkop pagkagrupo.					

Strategies	5 MosE	4 HE	3 ModE	2 SE	1 NE
<b>Grade V &amp; Grade VI</b>					
9. Talakayan (Discussion) – ang guro at mag-aaral ay nagtutulungan sa pagsusuri, paghahambing ng mga ideya upang maging malinaw ang isyu at matulungan ang mag-aaral na maunawaan at matutunan ang paksa.					
10. Lektyur/Panayam (Lecture Method) – ay itinuturing na paraan ng pagtuturo ng pakukwento. Ang guro ay nagpapaliwanag ng paksa.					

#### D. Appropriateness of Evaluation Techniques

##### Legend

5	-	Mostly Appropriate	(MosA)
4	-	Highly Appropriate	(HA)
3	-	Moderately Appropriate	(ModA)
2	-	Slightly Appropriate	(SA)
1	-	Not Appropriate	(NA)

Evaluate Techniques	5 MosA	4 HA	3 ModA	2 SA	1 NA
<b>Grade V &amp; Grade VI</b>					
1. Checklist (Tseklist)					
2. Score Card (Iskor Kard)					
3. Multiple Choice (Pagpipili)					
4. Fixed Response Items – True or False (Tama o Mali)					

<b>Evaluate Techniques</b>	<b>5 MosA</b>	<b>4 HA</b>	<b>3 ModA</b>	<b>2 SA</b>	<b>1 NA</b>
<b>Grade V &amp; Grade VI</b>					
5. Completion Item Test (Pagpupuno)					
6. Matching Exercise (Pagtatambal)					
7. Essay Test (Pagpapaliwanag)					
8. Free Response Items (Malayang Pagsasagot)					
9. Sequencing (Masusing Pag-aayos)					
10. Identification Test (Pagkilala)					

**Part IV - Problems Encountered by Home Economics Teachers in Teaching Intermediate Home Economics.**

**Direction:**

Please check (/) the following problems you met in teaching Home Economics. Use the scale values as indicated.

- 5 - Very Serious Problem (VSP)  
 4 - Serious Problem (SP)  
 3 - Moderately Serious Problem (MSP)  
 2 - Less Serious Problem (LSP)  
 1 - Not a Problem (NP)

<b>Problems Encountered</b>	<b>5 VSP</b>	<b>4 SP</b>	<b>3 MSP</b>	<b>2 LSP</b>	<b>1 NP</b>
<b>A. Mga Suliranin sa Pagtuturo</b>					
1. Malaking bilang ng mag-aaral sa HE.					
2. Gurong pinatuturo ng H.E. na di medyor.					

<b>Problems Encountered</b>	<b>5 VSP</b>	<b>4 SP</b>	<b>3 MSP</b>	<b>2 LSP</b>	<b>1 NP</b>
<b>A. Mga Suliranin sa Pagtuturo</b>					
3. Kakulangan ng maayos na pag-aaral ng mga mag-aaral.					
4. Kawalan ng kooperasyon ng mga magulang ng mga mag-aaral.					
5. Malimit na paggamit ng oras ng H.E. sa pagpapalinis sa kampus ng paaralan.					
6. Kakulangan ng tulong pinansyal upang maisagawa ang kanilang mga gawain/proyekto.					
7. Kakulangan ng kaalaman sa iba't ibang pamamaraan, metodo at pagdulog sa pagtuturo ng H.E.					
8. Napakaraming mga kakulangan sa superbisyon sa mga gurong H.E.					
9. Mga gurong walang kasanayan sa pagtuturo sa EPP.					
10. Others (specify)					
<b>B. Mga Suliranin sa Pasilidad:</b>					
1. Kakulangan ng pondong pambili ng mga kagamitang H.E.					
2. Kakulangan ng gusali, laboratoryo at kantina.					
3. Kakulangan ng mapagkukunan ng tubig.					
4. Kakulangan ng mga material at pasilidad para sa pagtuturo.					



Problems Encountered	5 VSP	4 SP	3 MSP	2 LSP	1 NP
<b>B. Mga Suliranin sa Pasilidad:</b>					
5. Kakulangan ng mga aklat sa H.E. na nilimbag sa Filipino.					
6. Others (specify)					

### Part V - Suggested Solutions to the Problems.

#### Direction:

Please check (/) the following solutions that may solve the problems you met in teaching Home Economics.

#### A. Para sa Suliranin sa Pagtuturo:

- \_\_\_\_\_ 1. Limitahan ang bilang ng mag-aaral ng 35 bawat klase.
- \_\_\_\_\_ 2. Papagturuin ng asignaturang H.E. ang mga gurong nagtapos ng H.E.
- \_\_\_\_\_ 3. Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-aral ng maayos ng mga takdang aralin sa H.E.
- \_\_\_\_\_ 4. Bigyan ng insentibo ang mga mabubuting mag-aaral.
- \_\_\_\_\_ 5. Magkaroon ng lingguhang pagbisita sa mga tahanan ng mga mag-aaral.
- \_\_\_\_\_ 6. Imbitahan ang mga magulang ng mga mag-aaral na tingnan ang mga nagawa.
- \_\_\_\_\_ 7. Gumamit ng mga material pamproyekto na nasa komunidad.
- \_\_\_\_\_ 8. Magbigay ng pagsubok araw-araw pagkapasok ng mga bata.
- \_\_\_\_\_ 9. Himukin ang mga mag-aaral na gumamit ng pinaglumaang damit para sa proyekto.
- \_\_\_\_\_ 10. Magsagawa ng seminar sa iba't ibang estratehiya sa mga gurong nagtuturo ng araling pantahanan.

\_\_\_\_\_ 11. Others, please specify.

**B. Para sa Suliranin sa Pasilidad:**

\_\_\_\_\_ 1. Humingi ng tulong sa mga taong mapagkawangawa sa lokalidad.

\_\_\_\_\_ 2. Maghanap ng donasyon mula sa PTCA upang maipambili ng mga kagamitan sa Edukasyong Pantahanan.

\_\_\_\_\_ 3. Magkaroon ng mga proyektong mapagkukunan ng pera.

\_\_\_\_\_ 4. Humingi ng tulong sa pamunuan ng mapagkukunan ng tubig.

\_\_\_\_\_ 5. Gumawa ng binagong mga kagamitang panturo sa Filipino.

\_\_\_\_\_ 6. Others, please specify.

*Thank you very much!!!*

*The Researcher*

**APPENDIX C-2****QUESTIONNAIRE**  
*(For Grades V Pupils)***SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE**  
*Catbalogan, Samar***Dear Pupils,**

I am about to finish my master's study with a research paper on "An Assessment of the Revised Teaching guide in Pananahi in the Intermediate Grades". Please help me in this study by answering honestly the herein questionnaire.

Thank you for your cooperation and rest assured that your answers will be kept confidential.

Sincerely yours,

**(SGD.) CAROLINA DEL ROSARIO**  
*Researcher*

---

Name: \_\_\_\_\_ School: \_\_\_\_\_  
(optional)

**PART I - PERCEPTION ON THE REVISED TEACHING GUIDE OF THE EPP  
SUBJECT AREA IN PANANAHI****Direction:**

Please put a check (/) mark on the number that you feel is your perception with regards to the revised teaching guide of the EPP subject area in Pananahi for Grade V .

**A. Relevance of Objectives:****Legend**

5	-	Mostly Relevant	(MosR)
4	-	Highly Relevant	(HR)
3	-	Moderately Relevant	(ModR)
2	-	Slightly Relevant	(SR)
1	-	Not Relevant	(NR)

Objectives	5 MosR	4 HR	3 ModR	2 SR	1 NR
1. Natatalakay ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kaalaman at kasanayan sa pananahi sa makina.					
2. Nasusunod ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pananahi sa makina.					
3. Nagagamit ang makina sa maayos at wastong paraan.					
4. Naihahanda ang plano ng kagamitang tatahiin.					
5. Naisasagawa ang mga pamamaraang dapat gawin bago tahiin ang tela.					
6. Nakakukuha ng tumpak na sukat.					
7. Nakagagawa ng padron ayon sa tumpak na sukat.					
8. Naisasagawa ang pagbuo ng kasuotang tahi sa makina.					
9. Napahahalagahan ang natapos na tahiin ayon sa pamantayan.					
10. Nakapagtutuos ng gastos at kikitain pagnaipagbili ang proyekto.					

Content/Activities	5 MosA	4 HA	3 ModA	2 SA	1 NA
13. Pagsusunod-sunod ng wastong hakbangin sa pagtatabas ng daster.					
14. Paghihilbana ng mga bahagi ng proyekto bago tahiin sa makina.					
15. Pananahi sa makina.					
16. Mga paraan ng pagtatapos ng proyekto.					
17. Pagtutuos ng gastos at kikitain kapag naipagbili ang proyekto.					

### C. Effectiveness of Strategies

#### Legend

5	-	Mostly Effective	(MosE)
4	-	Highly Effective	(HE)
3	-	Moderately Effective	(ModE)
2	-	Slightly Effective	(SE)
1	-	Not Effective	(NE)

Strategies	5 MosE	4 HE	3 ModE	2 SE	1 NE
1. Pamproyektong Pamamaraan (Project Method) ay nakatuon sa makukuhang layunin na inaasahang bunga ng isang maayos na gawain/proyekto na may pagbabalak at isinasagawa ng guro at mga mag-aaral.					
2. Panlaboratoryong Pamamaraan (Laboratory Method) ay itinuturing na ang gawain ay natutuhan sa pamamagitan ng pagsasagawa.					

Strategies	5 MosE	4 HE	3 ModE	2 SE	1 NE
3. Pamamaraang Demonstrasyon (Demonstration Method) ay itinuturing na pagmomodelo sa pamamagitan ng paggamit ng maayos/organisadong paraan.					
4. Pagtuklas (Discovery Method) ay pinapatnubayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagtalakay ng organisadong mga ideya at pamamaraan.					
5. Field Trip – ang pagbibisita sa ibang klase/paaralan upang makalikong ng mga pangunahing datos.					
6. Pagsasadulang Pamamaraan (Dramatization method) – ang pagpapakilala sa pamamagitan ng mga kilos ng katawan ng mga tauhan at gawain sa kuwento.					
7. Tanong at Sagot na Pamamaraan (Question and Answer Method) – humihikayat sa pagbubuo ng kritikal na pag-iisip, ang mga bata ay tinatanong at ang sagot ay magiging kasagutan ng ipinakikilalang datos.					
8. Pagsasataong Pamamaraan (Role Playing) – ang pagkakasunod-sunod ng kilos galing sa sitwasyon nang iniaangkop pagkagrupo.					

<b>Strategies</b>	<b>5 MosE</b>	<b>4 HE</b>	<b>3 ModE</b>	<b>2 SE</b>	<b>1 NE</b>
9. Talakayan (Discussion) – ang guro at mag-aaral ay nagtutulungan sa pagsusuri, paghahambing ng mga ideya upang maging malinaw ang isyu at matulungan ang mag-aaral na mamawalan at matutunan ang paksa.					
10. Lektyur/Panayam (Lecture Method) – ay itinuturing na paraan ng pagtuturo ng pakukwento. Ang guro ay nagpapaliwanag ng paksa.					

#### **D. Appropriateness of Evaluation Techniques**

##### **Legend**

5	-	Mostly Appropriate	(MosA)
4	-	Highly Appropriate	(HA)
3	-	Moderately Appropriate	(ModA)
2	-	Slightly Appropriate	(SA)
1	-	Not Appropriate	(NA)

<b>Evaluate Techniques</b>	<b>5 MosA</b>	<b>4 HA</b>	<b>3 ModA</b>	<b>2 SA</b>	<b>1 NA</b>
1. Checklist (Tseklist)					
2. Score Card (Iskor Kard)					
3. Multiple Choice (Pagpipili)					
4. Fixed Response Items – True or False (Tama o Mali)					
5. Completion Item Test (Pagpupuno)					

<b>Evaluate Techniques</b>	<b>5 MosA</b>	<b>4 HA</b>	<b>3 ModA</b>	<b>2 SA</b>	<b>1 NA</b>
6. Matching Exercise (Pagtatambal)					
7. Essay Test (Pagpapaliwanag)					
8. Free Response Items (Malayang Pagsasagot)					
9. Sequencing (Masusing Pag-aayos)					
10. Identification Test (Pagkilala)					

*Thank you very much!!!*

*The Researcher*



**APPENDIX C-3****QUESTIONNAIRE**  
*(For Grades VI Pupils)***SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE**  
*Catbalogan, Samar***Dear Pupils,**

I am about to finish my master's study with a research paper on "An Assessment of the Revised Teaching guide in Pananahi in the Intermediate Grades". Please help me in this study by answering honestly the herein questionnaire.

Thank you for your cooperation and rest assured that your answers will be kept confidential.

Sincerely yours,

**(SGD.) CAROLINA DEL ROSARIO**  
*Researcher*

---

Name: \_\_\_\_\_ School: \_\_\_\_\_  
(optional)

**PART I - PERCEPTION ON THE REVISED TEACHING GUIDE OF THE EPP  
SUBJECT AREA IN PANANAHI**

**Direction:**

Please put a check (/) mark on the number that you feel is your perception with regards to the revised teaching guide of the EPP subject area in Pananahi for Grade VI.

**A. Relevance of Objectives:****Legend**

5	-	Mostly Relevant	(MosR)
4	-	Highly Relevant	(HR)
3	-	Moderately Relevant	(ModR)
2	-	Slightly Relevant	(SR)
1	-	Not Relevant	(NR)

Objectives	5 MosR	4 HR	3 ModR	2 SR	1 NR
1. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng kasanayan sa pananahi para sa sarili.					
2. Natutukoy ang mga gawaing pangkabu-hayan sa pamayanan na may kinalaman sa pananahi.					
3. Natatalakay ang kabutihang naidudulot ng pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi.					
4. Nakapagpap plano ng tatahiing kasuotan o kagamitang pantahanan.					
5. Nakasusunod sa plano ng tatahiing kasuotan o kagamitang pantahanan.					
6. Naisasagawa ang pagbuo ng kagamitan o kasuotang tahi ng makina.					
7. Nakagagawa ng proyekto sa pamama-gitan ng pagbuburda at paggagantsilyo bilang palamuti sa proyekto.					
8. Nakapipili ng disenyo at materyales na kailangan.					
9. Naisasagawa ang mga hakbang sa pagbuo ng proyekto.					
10. Napahahalagahan ang natapos na tahiin ayon sa pamantayan.					

Objectives	5 MosR	4 HR	3 ModR	2 SR	1 NR
11. Nakapagtutuos ng gastos at kikitain pagnaipagbili ang proyekto.					

### B. Adequacy of Content/Activities

#### Legend

- 5 - Mostly Adequate (MosA)  
 4 - Highly Adequate (HA)  
 3 - Moderately Adequate (ModA)  
 2 - Slightly Adequate (SA)  
 1 - Not Adequate (NA)

Content/Activities	5 MosA	4 HA	3 ModA	2 SA	1 NA
1. Mga gawaing pangkabuhayan sa pamayanan na may kinalaman sa pananahi.					
2. Kabutihang dulot ng pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi.					
3. Plano sa gawaing pananahi.					
4. Telang angkop sa tatahiing kasuotan.					
5. Iba't ibang kagamitan sa pananahi.					
6. Mga salik sa matalinong pamimili.					
7. Pamunhuan pangkalusugan at pangkaligtasan sa pananahi.					
8. Pagkuha ng sukat sa katawan.					
9. Hakbang sa paggawa ng padron para sa kasuotang pangtulog.					

Content/Activities	5 MosA	4 HA	3 ModA	2 SA	1 NA
10. Paghahanda ng tela at kagamitan.					
11. Wastong paraan ng pagtatapas ng tela.					
12. Wastong hakbang sa pagbuo ng kasuotang pantulog.					
13. Pagbuburda at pagagantsilyo bilang palamuti sa proyekto.					
14. Paggawa ng pagbabago sa proyekto kung kailangan.					
15. Pagtutuos ng gastos at kikitain kapag naipagbili ang proyekto.					

### C. Effectiveness of Strategies

#### Legend

5	-	Mostly Effective	(MosE)
4	-	Highly Effective	(HE)
3	-	Moderately Effective	(ModE)
2	-	Slightly Effective	(SE)
1	-	Not Effective	(NE)

Strategies	5 MosE	4 HE	3 ModE	2 SE	1 NE
1. Pamproyektong Pamamaraan (Project Method) ay nakatuon sa makukuhang layunin na inaasahang bunga ng isang maayos na gawain/proyekto na may pagbabalak at isinasagawa ng guro at mga mag-aaral.					

Strategies	5 MosE	4 HE	3 ModE	2 SE	1 NE
2. Panlaboratoryong Pamamaraan (Laboratory Method) ay itinuturing na ang gawain ay natutuhan sa pamamagitan ng pagsasagawa.					
3. Pamamaraang Demonstrasyon (Demonstration Method) ay itinuturing na pagmomodelo sa pamamagitan ng paggamit ng maayos/organisadong paraan.					
4. Pagtuklas (Discovery Method) ay pinapatnubayan ng guro ang mga mag-aaral sa pagtalakay ng organisadong mga ideya at pamamaraan.					
5. Field Trip – ang pagbibisita sa ibang klase/paaralan upang makalikong ng mga pangunahing datos.					
6. Pagsasadulang Pamamaraan (Dramatization method) – ang pagpapakilala sa pamamagitan ng mga kilos ng katawan ng mga tauhan at gawain sa kuwento.					
7. Tanong at Sagot na Pamamaraan (Question and Answer Method) – humihikayat sa pagbubuo ng kritikal na pag-iisip, ang mga bata ay tinatanong at ang sagot ay magiging kasagutan ng ipinakikilalang datos.					
8. Pagsasataong Pamamaraan (Role Playing) – ang pagkakasunod-sunod ng kilos galing sa sitwasyon nang iniaangkóp pagkagrupo.					

Strategies	5 MosE	4 HE	3 ModE	2 SE	1 NE
9. Talakayan (Discussion) – ang guro at mag-aaral ay nagtutulongan sa pagsusuri, paghahambing ng mga ideya upang maging malinaw ang isyu at matulungan ang mag-aaral na maunawaan at matutunan ang paksa.					
10. Lektur/Panayam (Lecture Method) – ay itinuturing na paraan ng pagtuturo ng pakukwento. Ang guro ay nagpapaliwanag ng paksa.					

#### D. Appropriateness of Evaluation Techniques

##### Legend

5	-	Mostly Appropriate	(MosA)
4	-	Highly Appropriate	(HA)
3	-	Moderately Appropriate	(ModA)
2	-	Slightly Appropriate	(SA)
1	-	Not Appropriate	(NA)

Evaluate Techniques	5 MosA	4 HA	3 ModA	2 SA	1 NA
1. Checklist (Tseklist)					
2. Score Card (Iskor Kard)					
3. Multiple Choice (Pagpipili)					
4. Fixed Response Items – True or False (Tama o Mali)					
5. Completion Item Test (Pagpupuno)					

<b>Evaluate Techniques</b>	<b>5 MosA</b>	<b>4 HA</b>	<b>3 ModA</b>	<b>2 SA</b>	<b>1 NA</b>
6. Matching Exercise (Pagtatambal)					
7. Essay Test (Pagpapaliwanag)					
8. Free Response Items (Malayang Pagsasagot)					
9. Sequencing (Masusing Pag-aayos)					
10. Identification Test (Pagkilala)					

*Thank you very much!!!*

*The Researcher*

## APPENDIX D

### Distrito ng Sta. Margarita Pampurok na Pagsusulit sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan V (Pananahi)

Pangalan \_\_\_\_\_ Iskor \_\_\_\_\_ Katumbas \_\_\_\_\_  
 Sekso \_\_\_\_\_ Gulang \_\_\_\_\_

I. Basahing mabuti ang bawat aytem at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang nakaimbento ng makinang pananahi ay si \_\_\_\_\_.  
 a) Elias Howard      b) Elias Howe      c) Eliot Hewart
  
- \_\_\_\_\_ 2. Paanong nakatutulong sa pagpapabuti ng gawaing pananahi ang makina?  
 a) Madaling natatapos ang tahiin.  
 b) Nagiging maginhawa ang pananahi.  
 c) a at b
  
- \_\_\_\_\_ 3. Sa pag-iingat ng makinang pananahi, ito ay dapat ilagay sa \_\_\_\_\_.  
 a) Malinis at ligtas na lugar.  
 b) Nasisikatan ng araw.  
 c) Mahalumigmig na lugar.
  
- \_\_\_\_\_ 4. Ang makina ay nararapat linisin at langisan ng \_\_\_\_\_.  
 a) Araw-araw.  
 b) Linggu-linggo.  
 c) Minsan sa isang linggo.
  
- \_\_\_\_\_ 5. Ang gamit na pamukat sa katawan at telang tatahiin ay \_\_\_\_\_.  
 a) medida      b) ruler      c) panyarda
  
- \_\_\_\_\_ 6. Ang simpleng kagamitang pangkusina na nabubuo sa pananahi ng makina ay \_\_\_\_\_.  
 a) daster      b) epron      c) pamunas ng alikabok
  
- \_\_\_\_\_ 7. Ano ang tawag sa gilid ng tela na hindi naghihimulmol?  
 a) raw edge      b) uriya      d) warp



- \_\_\_\_\_ 8. Ang mabisang paraan sa paghahanda ng tela bago tabasin upang maiwasan ang pag-urong nito ay \_\_\_\_\_.  
 a) Ibadat ng magdamag.  
 b) Ibadat at ibilad agad.  
 c) Plantsahin bago ibadat.
- \_\_\_\_\_ 9. Ang telang angkop sa gagawing epron ay dapat na \_\_\_\_\_.  
 a) Mura at madaling labhan.  
 b) Matibay at hindi kumukupas.  
 c) a at b
- \_\_\_\_\_ 10. Upang matiyak na makinis at walang lukot ang telang tatabasin ito ay dapat \_\_\_\_\_.  
 a) Banatin at plantsahin.  
 b) Tupiin ng maayos  
 c) Isampay ng pahalang
- \_\_\_\_\_ 11. Ang hinugis ayon sa disenyo na ginagamit na patnubay bago tabasin ang tela ay tinatawag na \_\_\_\_\_.  
 a) drowing                      b) padron                      c) carbon paper
- \_\_\_\_\_ 12. Ang kagamitan sa paglilipat ng markang pagtatahian sa tela ay \_\_\_\_\_.  
 a) Tracing wheel at carbon paper.  
 b) Lapis at carbon paper.  
 c) a at b
- \_\_\_\_\_ 13. Ang tamang kagamitang pantabas sa tela ay \_\_\_\_\_.  
 a) Malaking gunting.  
 b) Maliit na gunting.  
 c) Gunting pangkusina.
- \_\_\_\_\_ 14. Alin ang unang ilalatag na padron sa ibabaw ng tela?  
 a) Malalaking padron muna.  
 b) Malalaki at maliliit na padron.  
 c) Maliit na padron muna.
- \_\_\_\_\_ 15. Ang ginagamit upang maiwasan ang pag-usog ng padron sa tela upang manatiling lapat ay \_\_\_\_\_.  
 a) aspili                      b) karayom                      c) pabigat
- \_\_\_\_\_ 16. Ang wastong pagtabas sa gagawing bayas ay \_\_\_\_\_.  
 a) Paayon sa hilatsa ng tela.  
 b) Pahalang na ayos ng tela.  
 c) Pahilis na ayos ng tela.


- \_\_\_\_\_ 17. Ang lapad ng bayas sa kilikili ng epron ay \_\_\_\_\_.
- Isang sentimetro.
  - Isang pulgada.
  - Dalawang sentimetro.
- \_\_\_\_\_ 18. Ano ang unang nararapat gawin bago tahiin ang tela?
- Lagyan ng aspili at tahiin sa makina.
  - Tahiin agad ang tela.
  - Ihibana muna bago tahiin sa makina.
- \_\_\_\_\_ 19. Bilang baguhan sa paggamit ng makina sa pananahi, alin ang unang sasanayin sa pagtahi?
- Tuwid na tahi.
  - Paikot na tahi.
  - Pakantong tahi.
- \_\_\_\_\_ 20. Paano masesegurong malinis at maayos ang isusumeting proyekto sa pananahi?
- Tinanggal ang mga sobrang sinulid at himulmol.
  - Pinalantsa at maayos ang tinupi.
  - Maayos ang pagkatahi sa laylayan.

**II. Masusing Pag-aayos:** Basahin at ayusin sa wastong pagkasunud-sunod ng isang maayos na proyekto sa pananahi.


Paggawa ng disenyo  
 Paggawa ng padron  
 Pagtabas ng tela  
 Paggawa ng bill of materials/pagpapalano  
 Pagguhit ng disenyo  
 Pagsukat ng katawan  
 Pagtahi  
 Paghilbana  
 Paglilipat ng mga marka  
 Pagbababad ng tela

III. Pagkilala: Kilatising mabuti ang drowing at isulat ang tamang sagot sa bawat aytem (1-5).

A. Anu-anong bahagi ng mga sukat ng katawan ang mga sumusunod?



B. Anu-anong bahagi ng makina ang mga sumusunod?



- |          |           |           |
|----------|-----------|-----------|
| 1. _____ | 6. _____  | 11. _____ |
| 2. _____ | 7. _____  | 12. _____ |
| 3. _____ | 8. _____  | 13. _____ |
| 4. _____ | 9. _____  | 14. _____ |
| 5. _____ | 10. _____ | 15. _____ |

*Inihanda ni:*

(Gng.) Carolina M. del Rosario

## APPENDIX E

Distrito ng Sta. Margarita  
Pampurok na Pagsusulit sa Edukasyong  
Pantahanan at Pankabuhayan VI  
(Pananahi)

Pangalan \_\_\_\_\_ Iskor \_\_\_\_\_ Kahumbas \_\_\_\_\_

Sekso \_\_\_\_\_ Gulang \_\_\_\_\_

I. Pagpili ng wastong sagot. Basahing mabuti ang bawat aytem at isulat ang titik ng tamang sagot bago ang bilang.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang kaalaman ng mga Pilipino sa pagbuburda ay isa sa mga itinuro ng mga  
a) Amerikano                      b) Espanyol                      c) Ninuno
- \_\_\_\_\_ 2. Ang pinag-uugnay na mga kulay mula sa iisang kulay ngunit iba-iba ang tingkas ay  
a) analogous                      b) monochromatic                      c) tirad
- \_\_\_\_\_ 3. Ang paggamit ng dalawang magkatapat na kulay sa tsart ng mga kulay ay tinatawag na  
a) analogous                      b) complimentary                      c) monochromatic
- \_\_\_\_\_ 4. Alin sa sumusunod na material ang di nararapat burdahin?  
a) kumot                      b) kulambo                      c) punda
- \_\_\_\_\_ 5. Ang paglabas-masok ng karayom sa tela upang mag-iwan ng mga tahing pantay-pantay ang pagitan nito, ay.  
a) tahing balangkas  
b) tahing paatras  
c) tutos
- \_\_\_\_\_ 6. Ang pinakabatayang tahi sa paggagantsilyo ay  
a) chain stitch / kadena  
b) slip stitch  
c) solong gantsilyo
- \_\_\_\_\_ 7. Ang pangunahing materyales na kinakailangan sa paggagantsilyo ay \_\_\_\_\_.  
a) bastidor at sinulid  
b) karayom at sinulid  
c) panilo at sinulid

- \_\_\_\_\_ 8. Ang tahiing ginagamit sa pagdurugtong ng dalawang gilid ng isang disenyo o motif ay  
 a) chain stitch / kadena  
 b) slip stitch  
 c) solong gantsilyo
- \_\_\_\_\_ 9. Ang tawag sa pagpapasok ng huling tahi sa silo upang hindi maghimulmol at kumalas ay  
 a) fasten                      b) hold back                      c) thread over
- \_\_\_\_\_ 10. Ang katawagang nangangahulugang pagpapatuloy ng tahiing pinasimulan sa disenyo sa paggaagantsilyo ay  
 a) join                      b) thread over                      c) work
- \_\_\_\_\_ 11. Kung ikaw ay bibili ng damit pantulog, anong uri ng material ang nararapat?  
 a) koton                      b) linen                      c) seda
- \_\_\_\_\_ 12. Ang damit-pantulog ay kailangang \_\_\_\_\_.  
 a) manipis, maluwang, maginhawa at maliit na disenyo  
 b) makapal, mahaba, maluwang at di kumukupas  
 c) a at b
- \_\_\_\_\_ 13. Alin sa sumusunod ang hindi damit-pantulog?  
 a) blusa at padyama  
 b) blusa at shorts  
 c) damit pangsimba
- \_\_\_\_\_ 14. Alin ang unang tatahiin sa pagbubuo ng batang pantulog?  
 a) balikat                      b) laylayan                      c) tagiliran
- \_\_\_\_\_ 15. Ang unang kinukunan ng sukat sa katawan para sa batang pantulog ay  
 a) balikat                      b) baywang                      c) dibdib
- \_\_\_\_\_ 16. Mahalagang maghanda ng padron sa tatahiing kasuotan upang  
 a) maging maayos at madali ang pagtahi  
 b) upang lumapat nang maayos sa katawan  
 c) a at b
- \_\_\_\_\_ 17. Ang tawag sa gilid kung saan pintuol ang tela sa pagkabili nito ay  
 a) uriya                      b) raw edge                      c) warp
- \_\_\_\_\_ 18. Ang uri ng hilatsa ng telang paayon sa hanay ay  
 a) uriya                      b) raw edge                      c) warp

- \_\_\_\_\_ 19. Gaano katagal dapat maibabad sa tubig ang tela?  
a) 10 minuto                      b) dalawang oras                      c) magdamag
- \_\_\_\_\_ 20. Saang bahagi ng Pilipinas ang kilala sa pino at masining na paraan ng pag-buburda?  
a) Taal, Batangas                      b) Basey, Samar                      c) Zamboanga City
- \_\_\_\_\_ 21. Alin sa mga sumusunod ang wastong kagamitang pantastas?  
a) pantastas ng dugtong o seam ripper  
b) malaking gunting o dressmaking shears  
c) ngipin
- \_\_\_\_\_ 22. Kapag natatabas ng pinadronang tela ito'y itinatapat sa minarkahang bahagi. Alin dito ang kagamitang pangmarka?  
a) tracing paper at tracing wheel  
b) tisang pangmarka at lapis  
c) a at b
- \_\_\_\_\_ 23. Alin sa sumusunod ang mga kagamitang panahi?  
a) karayom, sinulid at makina  
b) aspili, tusukan ng karayom at aspili  
c) a at b
- \_\_\_\_\_ 24. Ang padron para sa blusa ay hinahati sa anong bahagi ng katawan?  
a) kalahati                      b) ikaapat                      c) buo
- \_\_\_\_\_ 25. Alin sa sumusunod ang padron para sa kuwelyo?


II. Masusing pag-aayos: Basahing mabuti at ibigay ang angkop na pagkasunud-sunod na paraan ng paghahanda (1-5).

- \_\_\_\_\_ Pagtatahi sa makina  
 \_\_\_\_\_ Paghihilbana  
 \_\_\_\_\_ Pagmamarka sa tela  
 \_\_\_\_\_ Pag-aalis ng mga himulmol  
 \_\_\_\_\_ Pag-aaspili




III. Pagkilala: Kilatising mabuti ang bawat drowing at isulat ang tamang sagot sa bawat aytem.

A. Anu-anong uri ng tahing gantsilyo ang sumusunod?




B. Anu-anong uri ng tahing burda ang sumusunod?





C. Anu-anong bahagi ng sukat ng katawang ang mga sumusunod?  
(1-10)



*Inihanda ni:*

(Gng.) Carolina M. del Rosario

## APPENDIX F

### PATNUBAY NG GURO PARA SA IKALIMANG BAITANG PANANAHI SA MAKINA

#### Layunin

##### *Panlahat*

*Nakagagawa ng isang kagamitang pantahanang tahi sa makina.*

##### *Tiyak*

1. *Natatalakay ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kaalaman at kasanayan sa pananahi sa makina.*
2. *Nasusunod ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pananahi sa makina.*
  - 2.1 *Natatalakay ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pananahi sa makina.*
3. *Nagagamit ang makina sa maayos at wastong paraan.*
  - 3.1 *Natutukoy ang mga bahagi ng makina at gamit ng bawat isa.*
  - 3.2 *Natatalakay ang wastong pangangalaga ng makina.*
  - 3.3 *Naipakikita ang wastong paraan ng pagpapatakbo ng makina.*
4. *Nakabubuo ng isang kagamitang tahi sa makina.*
  - 4.1 *Naihananda ang plano ng kagamitang tatahiin.*
  - 4.2 *Napipili ang telang angkop sa tatahiin.*
  - 4.3 *Nasusunod ang wastong pamamaraan ng pagbuo ng kagamitang tatahiin.*

#### 4.4 Napahahalagahan ang natapos na kagamitan.

##### Kagamitan

**Pangguro:** Mga larawan ng iba't ibang gawaing may kinalaman sa pananahi; makinang panhi; proyektong tinapos; pardon ng epron; pot holder; headband; pamanasan ng kamay; halimbawang tinapos na kagamitang proyekto.

**Pambata:** Batayang aklat, ph. 185 – 205; mga kagamitan sa pananahi; telang tatahiin.

##### Talasalitaan

habi	vercasting	pataan
uriya	upi	hilatsa
wrong side	upi	tutop
tracing wheel	arayagan	hilbana
tracing paper	woof	hugpong
kitchen outfit	pumapatnubay	nag-uusod
kagamitan panluto		

##### Pamamaraan

##### Gawain 1

1 araw

Paksa - Kahalagahan ng Kaalaman at Kasanayan sa Pananahi

Panimulang Gawain. Magpaskil sa bulletin board ng mga larawan ng mga produktong tahi sa makina. Hayaang kilalanin nila ang mga ito.

Talakayin ang kahulugan ng mga bagong salitang kaugnay ng paksang lilinagni. Ipagamit ang mga ito sa pangungusap.

**Panlinang na Gawain.** Tumawag ng ilang bata upang kilalanin ang mga larawan ng mga produktong tahi sa makina. Itanong kung anong halaga ang pagkakaimbento ng makinang panahi at ang pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi.

Pabuksan ang batayang aklat sa ph. 185 at ipabasa ang teksto. Alamin ang antas ng kasanayan ng mga bata sa gawaing ito. Itanong kung ano nang kagamitan ang nabuo nila sa pananahi sa makina.

**Pangwakas na Gawain.** Papuntahin ang mga bata sa kanilang kakilalang modista upang alamin ang tulong na nagagawa sa kanila ng makinang panahi at kasanayan sa paggamit nito. Ipaulat sa klase ang resulta ng kanilang pakikipanayam.

**Pagbibigay-halaga.** Ipasagot ang bilang 1 ng "Sagutin Natin" sa Mga Tulong sa Pag-aaral, pahina 206 ng batayang aklat.

## **Gawain 2**

**2-3 araw**

**Paksa.** Mga Bahagi ng Makina  
Paghahanda ng Makina Bago Manahi

**Panimulang Gawain.** Tingnan ang larawan ng makinang panahi. Tanungin kung marunong ba silang manahi dito. Ituro ang iba't ibang bahagi ng makinang panahi na nakpaskil sa chart. Sabihin kung ano ang ginagawa sa makina bago ito gamitin.

Talakayin ang mga bagong salitang kaugnay ng paksang lilinangin.

**Panlinang na Gawain.** Buksan ang batayang aklat sa pahina mula 186-193. Ituro at talakayin ang iba't ibang bahagi ng makina at gamit ng bawat isa. Isalarawan din ang mga gawain sa paghahanda dito bago manahi. Hikayatin ang mga batang pag-aralang maigi ang aralin para maging madali ang kasanayan. Ipakitang-turo ang mga wastong gawain sa paghahanda ng makina upang maiwasan ang suliranin sa pagpapatakbo.

**Pagbibigay-Halaga.** Sagutin ang A sa "Gawin Natin" at bilang 2 sa "Sagutin Natin" sa Mga Tulong sa Pag-aaral, pahina 206 ng batayang aklat.

**Gawain 3****2 araw**

**Paksa.** *Suliranin sa Pagpapatakbo ng Makina  
Pag-aalaga ng Makina*

**Panimulang Gawain.** *Ipaalala sa mga bata ang nakikita nilang suliranin habang nagpapatakbo ng makina ang isang mananahi. Itanong bilang pag-alala sa kanilang karanasan kung paano inaalagaan ang makina at kung bakit dapat ito alagaan.*

**Panlinang na Gawain.** *Talakayin isa-isa ang mga suliranin sa pagpapatakbo ng makina. Ipakitang-turo ang paraan ng pangangalaga nito upang maiwasan ang pagkakaroon ng suliranin. Hikayating mas lalong maintindihan nila ang halaga ng pag-iingat at pag-aalaga sa makinang panahi.*

**Pangwakas na Gawain.** *Patnubayan ang bawat bata sa paghulutas ng mga suliranin sa pagpapatakbo ng makina tulad ng nababaling karayom, napuputol na sinulid, naglalaktaw-laktaw at nangunguhobot na tahi.*

*Ipakitang-turo habang tinatalakay ang mga gawain sa pag-aalaga ng makinang panahi.*

**Pagbibigay-Halaga.** *Sagutin ang bilang 3 at 4 sa "Sagutin Natin" sa Mga Tulong sa Pag-aaral, pahina 206 ng batayang aklat.*

**Gawain 4****2 araw**

**Paksa.** *Paghahanda ng Tela  
Pagpapalano ng Tatahiing Kagamitan*

**Panimulang Gawain.** *Magpakita ng ilang halimbawa ng tinahing proyekto tulad ng epron, pamanasan ng kamay, pot holder, headband. Ipasuri ito sa mga bata at ganyakin silang pumili ng isang uri ng istilo para sa tatahiing kasuotang pangkusina. Ipaalam sa mga bata kung anong uri ng tela ang ginamit sa mga kasuotang ipinakita.*

**Panlinang na Gawain.** Talakayin sa klase ang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagpapalano ng tatahiing kagamitan. Pag-usapan ang sumusunod na mga salik na dapat isaisip sa pagbabalak ng proyektong tatahiin.

1. yari at istilo ng epron
2. angkop na telang gagamitin
3. dami ng tela
4. iba pang gamit sa pananahi
5. mga kasanayang dapat gawin tulad ng pagpapatakbo ng makina

Pabuksan sa mga bata ang batayang aklat sa pahina 196 at 197. Talakayin ang mga hakbang na dapat isagawa sa tela bago ito tahiin.

**Pangwakas na Gawain.** Papaghandain ang mga bata ng plano ng proyekto para sa gagawin nilang kagamitan. Patnubayan ang mga bata na pumili ng kani-kanilang istilo basi sa kanilang kakayahan at dami ng telang gagamitin.

**Pagbibigay-Halaga.** Ibigay na pagsusulit ang sumusunod. Ipasulat ang sagot sa  $\frac{1}{2}$  papel.

Paano inihahanda ang tela bago ito gamitin sa pagbuo ng isang kagamitan? Ipaliwanag ang bawat pamamaraan.

## **Gawain 5**

**3-4 araw**

**Paksa.** Paglalapat ng Padron  
Pagtatabas ng Tela

**Panimulang Gawain.** Ipalabas sa mga bata ang kani-kanilang padron. Tingnan ang istilo at yari ng kagamitang napili ng mga bata. Ipakuha ang plano ng proyekto ng mga mag-aaral. Maghanda ng angkop na padron para sa istilong tinalakay sa batayang aklat.

**Panlinang na Gawain.** Gamitin ang pansariling batayang padron na ginawa sa pamimili ng angkop na padron ng kasuotang pangkusina.

Buksan ang batayang aklat sa pahina 198-199 at ipabasa ang teksto, "Paglalapat ng Padron sa Tela." Ipakitang-turo ang bawat hakbang sa paggawa.

**Pangwakas na Gawain.** Hayaang isagawa ng mga bata ang kani-kanilang gawain. Bigyan ng kaukulang tulong ang mga batang hindi nakasususnod sa tamang hakbang.

**Pagbibigay-Halaga.** Gamitin ang sumusunod na tseklist sa pagmamarka nang natapos na gawain ng mga bata. Ipasipi ito sa papel at ipasagot sa kanila.

<b>Mga Pamantayan</b>	<b>Oo</b>	<b>Bahagya</b>	<b>Hindi</b>
1. Naihahanda ko ba kaagad ang mga materyales at kagamitan bago ako magsimulang gumawa?			
2. Nasunod ko ba nang wasto at maayos ang bawat hakbang ng gawain?			
3. Sinunod ko ba ang mga panuntunang pangkaligtasan habang gumagawa?			
4. Nagpamalas ba ako ng magagandang kaugalian sa paggawa?			
5. Natapos ba sa takdang panahon ang gawain?			

## **Gawain 6**

**7-8 araw**

**Paksa.** Pananahi ng Kasuotang Pangkusina

**Panimulang Gawain.** Ipadala sa mga bata ang tinabas na mga pirasong telang gagawing kasuotang pangkusina at ang kumpletong kagamitan sa pananahi. Ibigay na takdang aralin ang pagbabasa at pag-unawa sa teksto tungkol sa pananahi ng kasuotang pangkusina upang magkaroon ng panimulang kaalaman ang mga bata rito.

**Panlinang na Gawain.** Talakayin isa-isa ang mga hakbang sa pananahi ng kasuotang pangkusina tulad ng epron, pamunasan ng kamay, pot holder at headband. Ituro ang mga kaugnay na kasanayan tulad ng paggawa ng tutop, pag-aayos ng mga retaso, paghilbana, overcasting at iba pa kapag dumating na sila sa hakbang na gagamitin ang mga ito.

**Pangwakas na Gawain.** Ipatahi sa mga mag-aaral ang kanilang proyekto. Patnubayan ang mga bata sa pagpapatakbo ng makina at pagsunod ng mga hakbang na kailangang gawin. Biyan ng kaukulang tulong ang mga bata kung kinakailangan.

Idispley sa isang bahagi ng silid-aralan ang mga tinapos na proyektong kasuotang pangkusina ng mga bata. Ipaskil sa bulletin board ang mga pinakamagagandang proyektong kasuotang pangkusina.

**Pagbibigay-Halaga.** Ipasipi ang sumusunod na iskor board sa mga mag-aaral at gamitin ito sa pamamarka ng tinapos na gawaing proyektong kasuotang pangkusina ng mga bata.

<i>Mga Sukatan</i>	<i>Takdang Marka</i>	<i>Marka ng Guro</i>	<i>Mga Puna</i>
<b>A. Tela (10%)</b>			
1. Angkop ba ang telang pinili?	4		
2. Madali ba itong labhan at plantsahin?	3		
3. Matibay ba ito at hindi kumukupas ang kulay?	3		
<b>B. Istilo at Disenyo (10%)</b>			
1. Payak ba ang napiling disenyo?	3		
2. Kaya ba itong tahiin?	2		
3. Nababagay ba ang istilo na napili?	3		
4. Tama ba ang sukat nito sa susuot?	2		
<b>K. Pagkakagawa (40%)</b>			
1. Tama ba ang luwang ng kasuotang ginawa?	5		
2. Lapat ba ang mga tahi at tutop ng kasuotang tinahi?	10		
3. Tuwid ba ang mga tahi?	10		
4. Pantay-pantay ba ang haba at higpit ng mga tahi?	5		
5. Malinis ba ang pagkakatahi sa nataposs na kasuotan?	10		
<b>D. Pagkakalapat (20%)</b>			
1. Lapat ba sa katawan ang kasuotang ginawa?	10		
2. Tama ba ang sukat ng kasuotang binuo?	10		
<b>E. Oras na Nagugol (10%)</b>			
1. Natapos ba sa takdang oras ang kasuotang tinahi?	10		
<b>G. Pagpapahalaga sa Natapos na Gawain (10%)</b>			
1. Kanais-nais bang gamitin ang tinahing kasuotan?	4		
2. Maayos ba ang pangkakagawa ng kasuotan?	4		
3. Nasiyahan ba ako sa natapos kong proyekto?	2		
<b>Kabuuan</b>	<b>100%</b>		



## APPENDIX G .

### PATNUBAY NG GURO PARA SA IKAANIM NA BAITANG PANANAHI NG KASUOTAN

#### Layunin

##### *Panlahat*

*Natatamo ang kaalaman, kasanayan, wastong saloobin, at kawilihan sa pananahi upang mapabuti at mapaunlad ang uri ng pamumuhay.*

##### *Tiyak*

1. *Naipaliliwanag ang kahalagahan ng kasanayan sa pananahi para sa sarili, sa mag-anak, at sa pamayanan.*
  - 1.1 *Natutukoy ang mga gawaing pangkabuhayan sa pamayanan na may kinalaman sa pananahi.*
  - 1.2 *Natatalakay ang kabutihang naidudulot ng pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi.*
2. *Nakapagpaplano ng gawaing may kinalaman sa pananahi.*
3. *Nakasusunod sa plano ng tatahiing kasuotan o kagamitang pantahanan.*
  - 3.1 *Nakapipili ng tela at iba pang kagamitan sa pananahi.*
  - 3.2 *Naisasaalang-alang ang mga salik sa matalinong pamimili.*
  - 3.3 *Nakagagawa ng pardon ayon sa tumpak na sukat.*
  - 3.4 *Naisasagawa ang mga pamamaraang dapat gawin bago tahiin ang tela.*
  - 3.5 *Naisasagawa ang iba't ibang paraan ng pagbuo ng tatahiin.*

## Kagamitan

**Pangguro:** Mga larawan ng iba't ibang gawaing may kinalaman sa pananahi; padron para sa harap at likurang katawan, palda, at manggas; makinang panahi; halimbawang tinapos na proyektong kasuotan.

**Pambata:** Batayang aklat, pahina 208-240; mga kagamitan sa pananahi; telang tatahiin.

## Talasalitaan

<i>pinking shears</i>	<i>warp</i>	<i>woof</i>	<i>lambong</i>
<i>hugpong</i>	<i>bata de banyo</i>	<i>uriya</i>	<i>antso</i>
<i>flax</i>	<i>pileges</i>	<i>padron</i>	<i>pataan</i>
<i>sintetiko</i>	<i>tutuop</i>	<i>French curve</i>	<i>marking gauge</i>
<i>hilatsa</i>	<i>karayagan</i>	<i>trunsal</i>	<i>hilbana</i>

## Pamamaraan

### Gawain 1

### 1 araw

**Paksa.** Mga Gawaing Pangkabuhayan at ang Pananahi.

**Panimulang Gawain.** Magpaskil sa bulletin board ng mga larawan ng iba't ibang hanapbuhay at gawaing may kinalaman sa pananahi. Ituon ang pansin ng mga bata sa mga larawang nakapaskil. Hayaang kilalanin nila ang mga ito.

Talakayin ang kahulugan ng mga bagong salitang kaugnay ng pasang liliinangin. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.

**Panlinang na Gawain.** Tumawag ng ilang bata upang kilalanin ang mga gawaing pangkabuhayan na nakapaskil sa bulletin board. Hayaang ipaliwanag ng mga bata kung anu-ano ang ginagawa sa bawat uri ng hanapbuhay. Itanong kung anong pangunahing kasanayan ang napapansin sa lahat ng mga gawaing nakapaskil. Bigyang-diin na ang mga gawaing ito ay nangangailangan ng kasanayan sa pananahi.

Buksan ang batayang aklat sa pahina 208 at basahin ang teksto, "Mga Gawaing Pangkabuhayan at ang Pananahi." Talakayin ang binasa sa klase. Hingin ang mga pakinabang na dulot ng kaalaman sa pananahi. Alamin ang antas ng kasanayan ng mga bata sa pananahi. Tanungin ang karanasan ng mga bata sa gawaing ito at hayaang isalaysay nila ang mga kasuotan at kagamitang natahi na nila.

**Pangwakas na Gawain.** Papuntahin ang mga bata sa kani-kanilang pamayanan upang alamin kung anu-anong mga gawaing pangkabuhayan na may kinalaman sa pananahi ang umiiral dito. Hayaang kapanayamin ng mga bata ang mga nagtatrabaho upang malaman kung anu-anong produkto ang nililikha sa lugar na kanilang pinaggagawaan. Iulat sa klase ang kinalabasan ng kanilang pakikipanayam. Ipapansin ang pagkakaiba-iba ng mga produktong nabubuo sa iba't ibang magkakaugnay na gawain.

**Pagbibigay-Halaga.** Ipasagot ang bilang 1 ng "Sagutin Natin" sa Mga Tulong sa Pag-aaral, pahina 268 ng batayang aklat.

## **Gawain 2**

**1-2 araw**

**Paksa.** Mga Kagamitan sa Pananahi  
Iba't ibang Uri ng Tela

**Panimulang Gawain.** Ipagunita sa mga bata ang kanilang karanasan sa pananahi noong nasa ikaapat at ikalimang baitang. Itanong kung anu-ano ang mga kagamitang kanilang ginamit upang maging madali, mabilis, at matagumpay ang pananahi ng kani-kanilang proyekto. Ilista sa pisara ang mga kagamitang babanggitin ng mga bata. Ipaalala rin sa klase ang uri ng telang ginamit nila noong nanahi sila ng kani-kanilang proyekto.

Talakayin ang mga bagong salitang kaugnay ng paksang lilinganin na nakatala sa "Talasalitaan" ng araling ito.

**Panlinang na Gawain.** Pabuksan ang batayang aklat sa pahina 208 at ipabasa ang mga pangunahing kagamitan sa pananahi. Pag-usapan at ilarawan ang bawat kagamitan. Magpakita sa mga bata ng aktuwal na halimbawa ng bawat kagamitan at ipakitang-turo ang wastong paraan ng paggamit ng mga kagamitan. Ipasulat ang mga tuntunin sa pisara at ipasipi pagkatapos.

*Itakda ang ilang batang mag-ulat tungkol sa iba't ibang uri ng tela. Papagdalhin ang mga batang mag-uulat ng mga retaso ng telang kanilang tatalakayin. Hikayating magsaliksik pa sa ibang aklat ang mga bata upang mapalawak ang pagtatalakayan sa iba't ibang uri ng tela. Pag-usapan ang mga katangian at pinanggalingan ng mga tela. Bigyang-diin na ang iba't ibang tela ay ginagamit sa paggawa ng iba't ibang uri ng kasuotan at kagamitan ayon sa kapal, tibay, habi, at paghahandang isinasagawa rito.*

**Pangwakas na Gawain.** *Ipasipi ang sumusunod na mga talahanayan sa kuwaderno at ipasagot ito sa mga bata. Maaaring pagtulung-tulungan ng mga bata ang pagsagot nito sa pisara bago ilipat ang talahanayan sa kuwaderno.*

#### **MGA KAGAMITAN SA PANANAHI**

<b><i>Pangalan ng Kagamitan</i></b>	<b><i>Katangian at Gamit</i></b>	<b><i>Pangangalaga</i></b>

#### **MGA URI NG TELA**

<b><i>Pangalan ng Tela</i></b>	<b><i>Pinanggalingan</i></b>	<b><i>Katangian at Gamit</i></b>

*Papaghandain ang mga bata ng kahon na paglalagyan ng mga kagamitan sa pananahi na kakailanganin nila sa pagtatahi ng proyektong kasuotan.*

**Pagbibigay-Halaga.** *Ipasagot ang bilang 3 ng "Sagutin Natin" at bilang 1 ng "Gawin Natin" sa Mga Tulong sa Pag-aaral, pahina 268 ng batayang aklat.*

**Gawain 3****1-2 araw****Paksa. Paghahanda ng Tela  
Pagpapalano ng Tatahiing Kasuotan**

**Panimulang Gawain.** Magpakita ng ilang halimbawa ng tinahing proyekto tulad ng padyama, daster, bata de banyo, at iba pa. Ipasuri ito sa mga bata at ganyakin silang pumili ng isang uri ng kasuotang bubuin. Ipaalam sa mga bata kung anong uri ng tela ang ginamit sa mga kasuotang ipinakita.

**Panlinang na Gawain.** Talakayin sa kalse ang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagpapalano ng tatahiing kagamitan. Bigyang-diin ang kahalagahan ng wastong pagpapalano upang hindi maaksaya ang tela, oras, at lakas sa pagbubuo ng kagamitan. Pag-usapan ang sumusunod na mga salik na dapat isaisip sa pagbabalak ng proyektong tatahiin:

1. yari at istilo ng kasuotang tatahiin
2. angkop na telang gagamitin
3. dami ng telang bibilhin
4. iba pang karagdagang gamit na kailangang bilhin tulat ng butones, otomatiko, sinulid, at iba pa
5. mga kasanayang dapat taglayin upang makabuo ng kasuotan tulad ng pagpapatakbo ng makina

Ipaliwanag sa mga bata na ang telang bibilhin para tahiin ay kailangang ihanda muna upang hindi ito umurong kapag nilabhan ang natapos na proyekto. Pabuksan ang batayang aklat sa pahina 215 at ipabasa ang teksto, "Paghahanda ng Tela." Talakayin ang mga hakbang na dapat isagawa sa telang tatahiin. Ipakitang-turo ang mga hakbang tulad ng pagtutuwid ng hilatsa sa pamamagitan ng pagbabanat. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagsasagawa ng mga hakbang na tinalakay upang matiyak ang tagumpay sa proyektong tatahiin.

**Pangwakas na Gawain.** Papaghandain ang mga bata ng plano ng proyekto para sa gagawin nilang kasuotang pansarili. Ipagamit ang pormularyo ng plano sa proyekto na ginamit ng mga bata sa paggawa ng proyekto sa gawaing-kamay. Patnubayan ang mga bata sa pamimili ng uri ng kasuotang tatahiin ayon sa kani-kanilang kakayahan at pagpapasya ng dami ng telang bibilhin sa pagtatahi dito. Tinatalakay sa batayang aklat ang paggawa ng kasuotang pantulog kaya't iminumungkahing hikayatin ang mga batang gawin ito bilang kanilang proyekto.

**Pagbibigay-Halaga.** *Ipasagot ang bilang 2 ng "Sagutin Natin" sa Mga Tulong sa Pag-aaral, pahina 268 ng batayang aklat.*

#### **Gawain 4**

**3-4 araw**

**Paksa.** *Pagkuha ng Sukat ng Katawan  
Paggawa ng Padron*

**Panimulang Gawain.** *Magpakita ng halimbawa ng padron para sa likuran at harapang katawan, palda, at manggas. Itanong sa klase kung alam nila ang gamit nito sa pananahi. Tumawag ng ilang bata upang magpaliwanag ng kahalagahan ng padron sa pagbubuo ng kasuotan. Bigyang-diin na matitiyak ang kaangkupan ng kasuotang gagawin sa susuot nito kung naghanda muna ng padron ayon sa sukat ng kanyang katawan.*

**Panlinang na Gawain.** *Ipabasa ang teksto, "Pagkuha ng Sukat ng Katawan" sa pahina 217 ng batayang aklat. Talakayin ang iba't ibang bahagi ng katawan na dapat sukatin upang makagawa ng angkop na padron. Tumawag ng isang bata at ipakitang-turo sa klase ang wastong pagkuha ng sukat sa iba't ibang bahagi ng katawan. Itala sa pisara ang sukat ng mag-aaral. Gamitin ang porularyong nasa batayang aklat upang maitala nang maayos ang wastong sukat.*

*Pabuksang muli ang batayang aklat at ipabasa ang teksto tungkol sapaggawa ng padron. Isa-isang ipakitang-turo ang paggawa ng padron para sa likuran at harapang katawan, manggas, at palda. Gamitin ang sukat na itinala sa pisara sa paggawa ng mga padron. Maaring tumawag ng ilang bata upang isagawa ang ilang hakbang sa iyong pamamatuubay.*

